

## BUOD NG PROPOSAL PARA MAPANATILI ANG MGA STANDARD PARA SA KALIDAD NG HANGIN PARA SA PARTICLE POLLUTION

Noong Abril 14, 2020, nagmungkahi ang U.S. Environmental Protection Agency (EPA) na ipanatili ang mga standard para sa kalidad ng hangin sa bansa para sa particle pollution, na tinutukoy bilang particulate matter o PM.

### ANG MGA MINUNGKAHING STANDARD

- Hinihiling sa ilalim ng Clean Air Act mula sa EPA na magtakda ng dalawang uri ng mga standard para sa kalidad ng hangin sa labas: *primary standards*, para protektahan ang kalusugan ng publiko, at ang *secondary standards*, para protektahan ang publiko laban sa mga salungat na epekto sa kapaligiran. Hinihiling sa ilalim ng bata na ang primary standard ay maging isang “mahalagang kahilingan para protektahan ang kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng nararapat na limite sa kaligtasan,” na napapabilang ang kalusugan ng mga sensitibong grupo ng mga tao. Para sa PM, iminumungkahi ng katibayan na ang mga taong may sakit sa puso o baga, ang mga bata at mas nakatatandang adult, at ang mga non white na populasyon ay may nakatataas na panganib. Ang secondary standards ay dapat na “isang mahalagang kahilingan para protektahan ang kapakanan ng publiko” mula sa parehong kilala at inaasahang mga salungat na epekto.
- Ang EPA ay tatanggap ng mga komento mula sa publiko sa loob ng 60 araw makalipas na mailagay sa Federal Register ang mga namungkahing standard. Ang mga detalye sa virtual na pagdinig sa publiko ay malapit nang ipahayag. Ang EPA ay magpapalabas ng final standards sa katapusan ng 2020.

### Primary (Health) Standards para sa Fine Particles:

- Ang EPA ay nagtatakda ng parehong taunan at 24 oras na standards para sa fine particles (PM<sub>2.5</sub>). Ang mga standard na ito ay sama-samang gumagana para protektahan ang publiko mula sa nakakasamang mga epekto sa kalusugan sa parehong long- at short-term na pagkakalantad sa fine particle.
- Nirepaso ng EPA ang libo-libong mga pag-aaral bilang bahagi ng review ng mga standard na ito, kasama ang daan-daang mga bagong pag-aaral na nalathala mula nang makumpleto ng EPA ang huling review noong taong 2012. Kasama sa bagong katibayan ang maraming mga bagong epidemiological at kontradong pagkakalantad ng tao, at mga animal toxicological na pag-aaral. Isinasaalang-alang rin ng EPA ang analyses ng mga eksperto ng ahensya at input mula sa Clean Air Scientific Advisory Committee (CASAC).
- **Taunang standard:** Ang taunang fine particle standard ay nilikha para protektahan laban sa mga epekto sa kalusugan na may kaugnayan sa parehong long- at short-term na pagkakalantad sa PM<sub>2.5</sub>. Ang kasalukuyang taunang standar ay naitakda noong 2012.
  - **Iminungkahi ng EPA na pinatalihin ang kasalukuyang taunang standard, na kung saan ang level nito ay 12.0 µg/m<sup>3</sup>.** Ang isang area ay makakatugon sa standard kung ang tatlong-taon na average ng taunang average na PM 2.5 concentration nito ay mas mababa o katumbas ng level ng standard.
- **24 oras na standard:** Ang 24 oras na primary standard ay nilikha para makapagkaloob ng pandagdag na proteksyon sa kalusugan laban sa short-term pagkakalantad sa fine particle, lalo na sa mga area na mas mataas ang peak sa PM<sub>2.5</sub> contrations. Ang kasalukuyang 24 oras na standard ay ipinalabas noong taong 2006.

- Iminungkahi ng EPA na pinatalihin ang kasalukuyang 24 oras na standard, na kung saan ang level nito ay  $35 \mu\text{g}/\text{m}^3$ . Area isang area ay makakatugon sa 24 oras na standard kung ang 98th percentile ng taunang distribusyon ng 24 oras na  $\text{PM}_{2.5}$  concentrations, averaged sa loob ng tatlong taon, ay mas mababa o katumbas ng  $35 \mu\text{g}/\text{m}^3$ .

#### Primary (Health) Standards para sa Coarse Particles:

- Iminumungkahi ng EPA na ipanatili ang kasalukuyang 24 oras na primary standard para sa coarse particles ( $\text{PM}_{10}$ ), na kung saan ang antas nito ay  $150 \mu\text{g}/\text{m}^3$ . Ang isang area ay nakakatugon sa 24 oras na  $\text{PM}_{10}$  standard kung hindi ito lumampas sa  $150 \mu\text{g}/\text{m}^3$  level ng higit sa isang beses kada taon sa average na tatlong taon na takdang panahon.
- Ang kasalukuyang coarse particle standard ay naitakda mula pa noong 1987.

#### Secondary Standards para sa Particle Pollution:

- Ang particle pollution ay nagdudulot ng haze sa mga lungsod at sa ilan sa pinakamahahalagang pambansang parke ng bansa. Dagdag pa dito, ang mga particle tuad ng mga nitrate at sulfate ay nag-aambag sa pamumuo ng acid rain na nagpapaguhog sa mga gusali, mga makasaysayang monumento, at pintura sa mga kotse. Ang particle pollution ay makaka-apekto rin sa klima sa pamamagitan ng pag-a-absorb o pagre-reflect sa sinag ng araw, na nagiging dahilan ng pamumuo ng ulap at nakaka-impluwensya sa mga gawi ng pag-ulan.
- Ang kasalukuyang secondary standards ng EPA para sa particle pollution ay pareho lang sa primary standards para sa  $\text{PM}_{2.5}$  at  $\text{PM}_{10}$ , maliban para sa taunang  $\text{PM}_{2.5}$  standard which na may antas na  $15.0 \mu\text{g}/\text{m}^3$ . Makalipas na ma-review ang science sa particle pollution, ang analysis ng mga eksperto ng EPA at payo mula sa mga independiyenteng science advisor ng ahensya, na ang Clean Air Scientific Advisory Committee (CASAC), iminumungkahi ng EPA na ang kasalukuyang secondary standards ay angkop para magbigay proteksyon laban sa kahinaan na makakita (visibility impairment) na may kaugnayan sa PM, sa mga epekto sa klima, at mga epekto sa materyal.

#### BACKGROUND

- Ang EPA ay namahala sa particle pollution mula pa noong 1971. Binago ng ahensya ang mga standard ng apat na beses -- noong 1987, 1997, 2006 at 2012 - para matiyak na patuloy nilang mapoprotektahan ang kalusugan at kapakanan ng publiko. A [table of historical PM standards](http://www.epa.gov/ttn/naaqs/standards/pm/s_pm_history.html) is available at [http://www.epa.gov/ttn/naaqs/standards/pm/s\\_pm\\_history.html](http://www.epa.gov/ttn/naaqs/standards/pm/s_pm_history.html)
- Hinihiling sa ilalim ng Clean Air Act ang EPA na i-review ang national air quality standards (mga pamantayan sa kalidad ng hangin sa bansa) kada limang taon para mapagpasyahan kung dapat ipagpatuloy o baguhin ito.

#### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

- Para basahin ang proposal, bumisita sa <https://www.epa.gov/naaqs/particulate-matter-pm-standards-federal-register-notices-current-review>

Para sa mga teknikal na dokumento na may kaugnayan sa review ng mga standard na ito, bumisita sa <https://www.epa.gov/naaqs/particulate-matter-pm-air-quality-standards>